PATAKARAN SA PAGPUTOL NG
SERBISYO SA TUBIG SA TAHANAN DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD

Layunin: Ang Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan dahil sa hindi pagbabayad ("Patakaran") na ito ay ginawa upang sumunod sa Panukalang-batas ng Senado (Senate Bill) Blg. 998, na kilala bilang "Batas sa Proteksiyon Mula sa Pagputol ng Tubig (Water Shutoff Protection Act)" na isinabatas noong Setyembre 28, 2018 (SB 998) at may bisa simula Pebrero 1, 2020.

I. Aplikasyon ng Patakaran; Numero ng Telepono sa Pakikipag-ugnayan:

Ang patakarang ito ay para lamang sa serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad. Gagawing handa ang patakarang ito sa website ng Lungsod ng Downey. Maaaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Utilidad (Utilities Division) ng Lungsod sa pamamagitan ng telepono sa (562) 904-7246 para sa tulong ukol sa pagbabayad ng mga bill ng tubig at para talakayin ang mga opsiyon sa pagbabayad/mga alternatibong plano para maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad.

Ang patakarang ito at ang mga nakasulat na abisong kinakailangan sa patakaran ay ihahanda at ilalathala sa wikang Ingles at sa mga wikang nakalista sa Seksiyon 1632 ng Kodigo Sibil (Civil Code), kung saan kabilang ang wikang Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano at anumang iba pang wika na ginagamit ng hindi bababa sa sampung porsiyento (10%) ng the mga taong naninirahan sa Lungsod.

II. Pagputol ng Serbisyo ng Tubig Sa Tahanan Dahil sa HIndi Pagbabayad:

A. *Pagpapadala at Pagbabayad ng Mga Bill*: Ang mga bill para sa serbisyo sa tubig ay ipapakita sa bawat residenteng customer bawat dalawang buwan, maliban na lamang kung iba ang nakasaad sa iskedyul ng rate ng Lungsod. Ang mga bill para sa mga serbisyo ay dapat bayaran kapag ipinakita ito sa customer at mapapasailalim ito sa pagputol ng serbisyo kapag hindi binayaran sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng bill. Responsibilidad ng residenteng customer na tiyakin na matatanggap ng Departamento ng Pananalapi (Finance Department) ng Lungsod ng Downey sa tamang oras ang mga kabayaran. Hindi pinapahintulutan ang hindi buong kabayaran, maliban na lamang kung mayroong paunang pahintulot na natanggap mula sa Direktor ng Pananalapi o kanyang itinalaga. Hindi tinatanggap ang mga postmark (tatak ng post office). Hindi tinatanggap ang mga postmark (tatak ng post office). Makikipag-ugnayan ang Lungsod sa residenteng customer nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo sa pamamagitan ng telepono O nakasulat na abiso bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig.

B. *Mga Kinakailangan ng Nakasulat na Abiso*: Naaangkop ang mga sumusunod na panuntunan sa mga residenteng customer na mayroong mga hindi pa nabayarang bill pagkatapos ng dalawampu't isang (21) araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng bill :

1. Abiso ng Paglampas sa Takdang Petsa: Magpapadala ng isang Abiso ng Paglampas sa Takdang Petsa (Past Due Notice) sa mga customer na may balanse sa account na $25.00 o higit pa na nananatiling hindi bayad nang higit sa dalawampu't isang (21) araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng bill. Sisingilin din sila ng isang bayarin sa pagiging huli. Kung ang address para sa pagpapadala ng sulat (billing address) ng residenteng

customer ay iba sa pinagseserbisyuhang address, at ang balanse sa account ay nananatiling hindi bayad nang higit sa apatnapung (40) araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng bill, ang Abiso ng Paglampas sa Takdang Petsa ay ipapadala rin sa pinagseserbisyuhang address, na nakapangalan sa "Naninirahan (Occupant)."

2. Makatuwirang Pagsubok sa Pagbibigay ng Abiso: Kung hindi magawang makipag-ugnayan ng Lungsod sa residenteng customer sa pamamagitan ng nakasulat na abiso (hal. ang ipinadalang abiso ay ibinalik bilang hindi maipadala (undeliverable)) o ang kabayaran ay hindi natanggap sa pagsapit ng Takdang Petsa na nakalagay sa Abiso ng Paglampas sa Takdang Petsa, magsasabit ng isang Abiso ng Pagputol sa Tubig ("Pulang Tag") sa pintuan ng tahanang nakakatanggap ng serbisyo sa tubig at magdadagdag ng isang espesyal na singil sa abiso sa susunod na bill. Makikita sa Pulang Tag ang link sa patakaran ng Lungsod sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan. Dagdag pa rito, maaari ding makakuha ng kopya ng patakaran ng Lungsod sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan kapag humiling sa pamamagitan ng pagtawag sa (562) 904-7246. Maaari din itong makuha sa website ng Lungsod.

3. Tawag Bilang Paalala: Nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig, magbibigay ang Lungsod ng abiso sa residenteng customer tungkol sa nalalapit na pagputol ng serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng tawag sa telepono. Ang tawag bilang paalala na ito ay magsisilbi bilang huling pagsubok ng Lungsod na kolektahin ang halagang lagpas na sa takdang petsa bago ang pagputol. Sa tawag na iyon, mag-aalok ang Lungsod na bigyan ang residenteng customer ng kopya ng Patakarang ito at, kapag hiniling, ibibigay sa residenteng customer ang mga opsiyon para sa alternatibong pagbabayad, ayon sa nakalarawan sa Seksiyon III sa ibaba, at ang mga proseso para sa pagsusuri at pag-apela ng bill ng customer, ayon sa nakalarawan sa Seksiyon IV sa ibaba.

C. Abiso sa Talbog na Tseke:

1. Talbog na Tseke na Ibinigay Bilang Kabayaran sa Serbisyo sa Tubig Sa oras na makatanggap ang Lungsod ng talbog na tseke na ibinigay ng customer bilang kabayaran sa serbisyo sa tubig at iba pang singil, ituturing ng Lungsod na hindi bayad ang account. Susubukan ng Lungsod na abisuhan ang residenteng customer sa pamamagitan ng pag-iwan ng Abiso sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig ("Dilaw na Tag") sa pinagseserbisyuhang address. Puputulin ang serbisyo sa tubig kapag ang halaga ng talbog na tseke at singil sa talbog na tseke ay hindi binayaran sa o bago ang takdang petsa na nakasaad sa Abiso, na hindi dapat mas maaga sa ika-animnapung (ika-60) araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagkagawa ng invoice na binayaran gamit ang talbog na tseke. Upang maturing bilang bayad ang talbog na tseke at para bayaran ang singil sa talbog na tseke, lahat ng nakatakdang kabayaran ay dapat bayaran gamit ang cash o mga sertipikadong pondo.

2. Talbog na Tseke na Ibinayad Para Ipanumbalik ang Pinutol na Serbisyo sa Tubig**:** Kapag ang tsekeng ibinigay at tinanggap bilang kabayaran, at sa gayon ay nagresulta sa pagpapanumbalik ng serbisyo sa account na pinutol dahil sa hindi pagbabayad, ay ibinalik bilang hindi magagamit bilang pera (non-negotiable), maaaring putulin ng Lungsod ang naturang serbisyo sa tubig pagkatapos ng hindi bababa sa tatlong (3) araw ng negosyo mula sa pagbibigay ng nakasulat na abiso. Maaari lamang maibalik ang

account ng customer sa pamamagitan ng pagtanggap ng kabayaran na cash o mga sertipikadong pondo para sa mga umiiral na singil. Kapag naibalik ang account ng customer, mamarkahan ang account nang isang taon at maaaring hilingin ng Lungsod na magbayad ang customer sa pamamagitan ng cash o mga sertipikadong pondo lamang.

D. Mga Kondisyong Nagbabawal sa Pagputol: Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa tahanan kung natutugunan ang **lahat** ng mga sumusunod na kondisyon:

1. **Mga Kondisyong Pangkalusugan** – Nagsumite ang residenteng customer o nangungupahang naninirahan sa lugar na nakakatanggap ng serbisyo sa tubig ng sertipikasyon ng provider ng pangunahing pangangalaga na nagsasabi na ang pagputol ng serbisyo sa tubig ay (i) magbabanta sa buhay, o (ii) magdadala ng malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente; AT

2. **Kawalan ng Kakayahang Magbayad** – Ang residenteng customer ay itinuturing na "walang kakayahang magbayad" kapag ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay: (i) kasalukuyang tagatanggap ng mga sumusunod na benepisyo CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programa sa Karagdagang Kitang Panseguridad/Karagdagang Kabayaran ng Estado (Supplemental Security Income o SSI/State Supplementary Payment Program), o Espesyal na Programa sa Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, Mga Sanggol at Mga Bata sa California (California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children); o (ii) ang residenteng customer ay nagdeklara na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan; AT

3. **Mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbayad** –Sumasang-ayon ang residenteng customer na pumasok sa isang iskedyul/plano sa alternatibong pagbayad alinsunod sa mga probisyon ng Seksiyon III sa ibaba.

E. Proseso sa Pagtukoy ng Mga Kondisyong Nagbabawal sa Pagputol ng Serbisyo: Tungkulin ng residenteng customer o nangungupahan na patunayan ang pagsunod sa mga kondisyon sa Subdibisyon (D) ayon sa inilalarawan sa itaas. Sa pagtanggap ng naturang dokumentasyon, susuriin ng Direktor ng Pananalapi ng Lungsod o ng kanyang itinalaga ang dokumentasyong isinumite ng residenteng customer, at tutugon sa customer sa loob ng pitong (7) araw ng negosyo upang humiling ng karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyong may kaugnayan sa posibilidad na isagawa ang mga alternatibong kasunduan, o upang abisuhan ang customer tungkol sa kasunduan para sa alternatibong pagbabayad at mga tuntunin nito, sa ilalim ng Seksiyon III sa ibaba, kung saan pinahihintulutan ng Lungsod ang customer na makilahok. Kung humiling ang Lungsod ng karagdagang impormasyon, dapat ibigay ng residenteng customer ang hiniling na impormasyon sa loob ng limang (5) araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang kahilingan ng Lungsod. Aabisuhan ng Lungsod ang customer na hindi niya natutugunan ang mga kondisyon sa ilalim ng Subdibisyon (D) sa itaas, o aabisuhan nito ang customer tungkol sa kasunduan para sa alternatibong pagbabayad.

F. Mga Espesyal na Panuntunan Para sa Mga Customer na may Mababang Kita: Kapag natukoy ng Lungsod na ang taunang kita ng sambahayan ng residenteng customer ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan ayon sa Seksiyon II (D)(2), magiging kwalipikado ang residenteng customer sa susunod na singil sa pagpapanumbalik:

1. Mga Singil sa Pagpapanumbalik: Ang singil sa pagpapanumbalik para sa pagpapanumbalik ng serbisyo sa tubig tuwing normal na oras ng negosyo ng Lungsod ay $50. Ang singil sa pagpapanumbalik para sa pagpapanumbalik ng serbisyo sa tubig sa labas ng normal na oras ng negosyo ng Lungsod ay $150. Pagkatapos ng Enero 2, 2021, ang mga singil na ito ay awtomatikong mababago alinsunod sa Consumer Price Index (CPI) ng Los Angeles Area para sa buwan na magtatapos sa Agosto 31.

G. Landlord-Nangungupahan: Ang proseso sa pagputol ng serbisyo sa tubig sa ibaba ay naaangkop lamang kapag nagbibigay ang Lungsod ng serbisyo sa tahanan na may indibidwal na metro sa bawat yunit ng mga sumusunod; mga nakakabit na yunit ng tirahan (accessory dwelling unit), gusaling may maramihang yunit ng tirahan, at parke para sa mobile home kung saan ang may-ari o tagapangasiwa ang nakatalang customer.

1. Kinakailangang Abiso:

   a. Magsasagawa ang Lungsod ng makatuwirang pagsubok na ipaalam sa mga nangungupahan/naninirahan sa ari-ariang tumatanggap ng serbisyo sa tubig na puputulin ang serbisyo ng tubig. Para sa mga tirahan sa gusaling may maramihang yunit ng tirahan o parke para sa mobile home, ang naturang abiso ay dapat ibigay nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo bago ng naka-iskedyul na petsa na pagputol ng tubig. Kung ang pag-aari ay mga hiwalay na yunit ng tirahan para sa isang pamilya, ang abiso ay dapat ibigay pitong (7) araw ng negosyo bago ang petsa ng nakaiskedyul na pagputol ng serbisyo.

   b. Ipapaalam din ng abiso sa mga nangungupahan/naninirahan na may karapatan silang maging customer na makakatanggap ng bill ng serbisyo (tingnan ang Subdibisyon 2 sa ibaba), nang hindi kailangang bayaran ang anuman sa mga delingkuwenteng halaga.

2. Pagiging Customer ng Mga Nangungupahan/Naninirahan:: Ang Lungsod ay walang obligasyong ibigay ang serbisyo sa tubig sa tahanan sa mga nangungupahan/naninirahan sa isang gusaling may maramihang yunit ng tirahan o parke para sa mobile home o hiwalay na yunit ng tirahan para sa isang pamilya. . Gayunpaman, kung (i) may isa o higit pang nangungupahan/naninirahan na umako ng responsibilidad para sa mga sumusunod na singil sa account o (ii) may paraan para putulin ng Lungsod ang serbisyo sa mga nangungupahan/naninirahan na hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng Lungsod, maaaring piliin ng Lungsod na magbigay lamang ng serbisyo sa mga nangungupahan/naninirahan na nakatugon sa mga kinakailangan.

III. Mga Kasunduan Para sa Alternatibong Pagbayad: Para sa sinumang residenteng customer na natutugunan ang tatlong kondisyon sa ilalim ng Seksiyon II (D) sa itaas, alinsunod sa prosesong nakasaad sa Seksiyon II (E) sa itaas, iaalok ng Lungsod sa residenteng customer ang kasunduan para sa alternatibong pagbayad ayon sa mga sumusunod:

1. Gamit ang mabuting pagpapasiya, pipili ang Direktor ng Pananalapi, o ang kanyang itinalaga, ng pinakaangkop na kasunduan para sa alternatibong pagbabayad pagkatapos suriin ang impormasyon at dokumentong ibinigay ng customer.

2. Panahon ng Muling Pagbabayad: Babayaran ng residenteng customer ang hindi bayad na balanse, kasama ang administratibong singil na nakasaad sa Subdibisyon (2) sa ibaba, sa loob ng panahong hindi tatagal sa labindalawang (12) buwan, na tutukuyin ng Direktor ng Pananalapi ng Lungsod o ng kanyang itinalaga.

3. Administratibong Singil: Para sa anumang aprubadong plano sa kabayaran, maaaring singilin mula sa customer ang isang administratibong singil, sa halagang pana-panahong itatalaga ng Lungsod, na kumakatawan sa gastos sa tauhan at administratibong gastos ng Lungsod sa pagsimula at pangangasiwa ng plano sa pagbabayad.

4. Iskedyul: Pagkatapos konsultahin ang residenteng customer at habang isinasaalang-alang ang mga pinansyal na limitasyon ng residenteng customer, awtorisado ang Direktor ng Pananalapi ng Lungsod o ang kanyang itinalaga na tukuyin ang mga opsiyon sa plano sa pagbabayad na maaaring pagpilian ng residenteng customer, sa kondisyong ang muling pagbabayad ng natitirang umiiral na balanse ay isasagawa sa loob ng 12 buwan mula sa pagtalaga ng plano sa kabayaran. Ang napagkasunduang plano sa pagbabayad ay ilalagay sa kasulatan at pipirmahan ng Lungsod at residenteng customer.

5. Pagsunod sa Plano: Dapat sundin ng residenteng customer ang napagkasunduang iskedyul ng pagbabayad at kailangang manatiling hindi huli sa pagbabayad habang dumadagdag ang mga singil sa bawat sumusunod na panahon ng kabayaran. Ang residenteng customer ay hindi maaaring humiling ng mas matagal na iskedyul ng pagbabayad para sa mga bagong hindi bayad na singil habang nagbabayad ng mga delingkuwenteng singil alinsunod sa isang dati nang napagkasunduang iskedyul. Kapag nabigo ang residenteng customer na sumunod sa mga tuntunin ng plano sa pagbabayad nang animnapung (60) araw o higit pa, o nabigo siyang bayaran ang mga kasalukuyang singil sa serbisyo nang animnapung (60) araw o higit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa tahanan sa ari-arian ng customer pagkatapos ng hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ang Lungsod ng huling abiso sa tirahan ng customer tungkol sa binabalak nitong pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan.

IV. Mga Apela: Ang susunod na proseso ay naaangkop sa mga apela sa mga singil sa paggamit ng tubig na nakasaad sa anumang bill para sa serbisyo sa tubig sa tahanan:

A. *Panahon Para sa Apela*: Bago ang Takdang Petsa sa Abiso ng Paglampas sa Takdang Petsa, may karapatan ang residenteng customer na maghain ng apela kaugnay ng mga singil na nilalaman ng bill. Ang naturang apela ay dapat nakasulat at dapat ibigay sa Kahera ng Departamento ng Pananalapi. Upang masimulan ang pagsusuri ng Lungsod, dapat gumawa ng minimum na kabayaran sa halaga ng average na bill ng customer. Ang average na ito ay kakalkulahin gamit ang nakaraang limang taon, o mas maikli pa dito kung walang impormasyon, para sa panahon ng kabayarang kinukuwestiyon sa panahon ng apela. Habang nakabinbin ang apela at anumang kaugnay na imbestigasyon, hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa tahanan sa customer.

Pagsusuri ng Apela: Kasunod ng pagtanggap ng isang apela at ng kinakailangang minimum na kabayaran, magsasagawa ng pagsusuri ng apela ang Direktor ng Mga

Pampublikong Gawin (Director Public Works) o ang kanyang itinalaga. Pagkatapos ng pagsusuri ng katibayang ibinigay ng residenteng customer at naka-file na impormasyon ng Lungsod ukol sa mga kinukuwestiyon na singil sa tubig, ang Direktor ng Pampublikong Gawin o ang kanyang itinalaga ay maglalabas ng nakasulat na desisyon nang hindi lalagpas sa apatnapu't limang (45) araw ng negosyo pagkatapos ng paghain ng kompletong apela at pagbabayad ng minimum na kabayaran.

1. Kapag natukoy na hindi tama ang mga singil sa tubig, iwawasto ang account at dapat bayaran ang iwinastong singil sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo pagkatapos ng pagwawasto. Kapag nanatiling hindi bayad ang iwinastong singil nang higit sa animnapung (60) araw ng kalendaryo mula sa orihinal na petsa ng bill o sampung (10) araw pagkatapos ng pagwawasto, alinman ang mas huli, puputulin ang serbisyo sa tubig sa susunod na regular na araw ng trabaho.

2. Kapag ang mga kinukuwestiyong singil sa tubig ay natukoy bilang tama, dapat at maaaring bayaran ang singil sa tubig sa oras na inilabas ng Direktor ng Mga Pampublikong Gawain o kanyang itinalaga ang desisyon.

V. <u>Pagpapanumbalik ng Serbisyo</u>: Upang ibalik o ipagpatuloy ang serbisyong pinutol ng Lungsod dahil sa hindi pagbabayad, dapat bayaran ng residenteng customer ang balanseng lagpas sa takdang oras at ang isang Singil sa Pagpapanumbalik ng Serbisyo sa Tubig (Water Service Reconnection Fee) na itinakda ng Lungsod, na napapasailalim sa limitasyong nakasaad sa Seksiyon II(F) sa itaas. Magsisikap ang Lungsod na gawin ang nasabing pagpapanumbalik ng serbisyo sa lalong madaling panahon para sa kaginhawaan ng residenteng customer. Gagawin ng Lungsod ang muling pagkonekta ng serbisyo sa tubig nang hindi lalagpas sa dulo ng susunod na regular na araw ng trabaho pagkatapos ng kahilingan ng customer at pagkatapos ng pagbabayad ng anumang naaangkop na Singil sa Pagpapanumbalik.

VI. <u>Kinakailangang Pag-ulat</u>: Bawat taon ay iuulat ng Lungsod sa website nito ang bilang ng mga pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad, at ang naturang ulat ay isusumite sa Lupon sa Pagkontrol ng Mga Mapagkukunang Tubis sa Estado (State Water Resources Control Board) ayon sa iniaatas ng batas.